SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 28, 2025, LUNES, IKA-09:27 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad- nasa vacation leave |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: 08 AUG 2025 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME: DATE: 11 AUG 2025 TIME: ______ STA. CRUZ, LAGUNA

## KAPASIYAHAN BLG. 222- T2025

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY/NIRARATIPIKA ANG KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BLG. 12 - T2025 NA NAGBIBIGAY-PAHINTULOT SA MGA STALL HOLDERS NG NASUNOG NA BAHAGI NG PAMILIHANG BAYAN NA GAMITIN ANG MGA SUMUSUNOD NA DAANG PAMBAYAN, UNA SA KALIWANG BAHAGI NG DAANG PEDRO GUEVARA MULA SA TAPAT NG MCDONALD FASTFOODS HANGGANG SA TABI NG ROMAN CATHOLIC CHURCH, PANGALAWA, SA KANANG BAHAGI NG DAANG VALENZUELA, TAGILIRAN NG MCDONALD FASTFOODS HANGGANG SA DAANG M.H. DEL PILAR, PANGATLO, SA IKALAWANG BAHAGI NG DAANG REGIDOR MULA SA TAPAT NG SOUTH EMERALD SUPERMARKET HANGGANG SA DAANG VALENZUELA SA TAPAT NG ORO RESTAURANT, NA MAY MGA NAKAPALOOB NA PATAKARAN AT PANUNTUNANG DAPAT SUNDIN SA IKAAAYOS NG NASABING KAUTUSAN.**

**Sponsor : HON. MARK ANTHONY M. JUANGCO**

**SAPAGKAT,** iniliwat ng Kgg. Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao ang Kautusang Tagapagpaganap Blg.12–T2025 sa sangguniang ito na naglalayong pahintulutan ang mga stall holders sa nasunog na bahagi ng pamilihang bayan, ayon sa mga nabanggit na lugarin sa itaas nito;

**SAPAGKAT,** nakasaad sa kautusang ito ang mga panuntunan at patakaran bilang bahagi ng pagpapatupad sa naturang kautusan;

**KUNG KAYAT DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Mark Anthony M. Juangco (Tagapamuno ng Lupon sa Pamilihang Bayan at Katayan ng mga Pagkaing Hayop), na pinangalawahan nina Kgg. Roselon F. Pamatmat, Kgg. Normant T. Tolentino, Kgg. Louie C. De Leon, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at sa pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, pagtibayin ang mga sumusunod:

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin / Ratipikahin ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 12 gaya ng sumusunod:

**Kautusang Tagapagpaganap Blg. 12 – T2025** na nagbibigay pahintulot sa mga stall holders sa nasunog na bahagi ng pamilihang bayan, ayon sa mga nabanggit sa itaas nito, lakip ang mga patakaran at panuntunang dapat sundin, ayon sa mga sumusunod :

**Seksyon 1**. *Sakop ng Kautusang Ito.* - Ang Kautusang ito ay sumasakop lamang sa mga dating stall holders na mayroong stalls sa nasunog na bahagi ng Public Market (Old Building).

**Seksyon 2.** *Layunin.* - Ang layunin ng Kautusang ito ay upang mabigyan ng pagkakataon ang mga nasabing stall holders na patuloy na makapaghanapbuhay sa kabila ng pagkasunog ng kanilang stalls sa Public Market.

**Seksyon 3**. *Patakaran na Dapat Sundin ng Nasabing mga Stall Holders.* - Ang lahat ng stall holders na dito ay binigyang ng pagkakataon ay inaatasang gawin ang mga sumnusunod:

a. Panatilihin malinis at maayos ang kanilang kapaligiran sa lahat ng oras;
b. Bawal ang pagtatapon ng basura sa labas ng itinakdang lalagyan o hindi lalagpas ng alas-singko ng hapon;
c. Magkaroon ng sariling basurahan at sumunod sa waste segregation;
d. Bawal ang paggamit ng apoy, LPG, o iba pang hazardous materials;
e. Dapat makitungo sa mamimili nang magalang at maayos; at
f. Bawal ang pagmumura, pananakot o anumang uri ng karahasan sa lugar na kung saan sila nagtitinda.

**Seksyon 4**. *Walang Sisingilin Anumang Bayarin ang mga Stall Holders Dito.* - Bilang tulong ng Pamahalaang Bayan sa mga nasunugang stall holders, ay wala silang babayaran anumang buwis o bayarin sa panahon ng kanilang pananatili sa mga lugar na dito ay itinakda

**Seksyon 5**. *Atas sa SCTMO at Sangguniang Barangay ng Poblacion III, V at Santisima Cruz.* - Inaatasan ang Santa Cruz Traffic Management Office (SCTMO) at Sangguniang Barangay ng Brgy. Poblacion III, Poblacion V at Brgy. Santisima Cruz, Santa Cruz, Laguna, na magsagawa ng regular na pagpapatrol sa kapalibutan ng nasabing mga lugar, upang maiwasan ang anumang pagsisikip ng trapiko, mapanatili ang kalinisan at mapangalagaan ang kaayusan at katahimikan sa nasabing mga itinakdang lugar.

**Seksyon 6.** *Pagkakabisa ng Pananatili ng nasabing mga Stall Holders sa Lugar na dito ay itinakda.* - Ang ibinigay na karapatan sa mga nasabing stall holders na manatili sa mga lugar na ito ay itinakda hanggang Disyembre 31, 2025, maaaring palawigin o pahabain pa batay sa pasiya ng Punong Bayan at ng Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**Seksyon 7.** Bisa ng Kautusang Ito. - Ang kautusang ito ay may bisa simula sa pagkalagda nito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagatasa, Tanggapan ng Pamilihang Bayan, Business Permit and License Office, Santa Cruz Traffic Management Office (SCTMO), Sangguniang Barangay ng Poblacion III, Sangguniang Barangay ng Poblacion V, at Sangguniang Barangay ng Santisima Cruz, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 28, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan